# Nagnanais ka bang bumalik kay Rifā`ah? Hindi, hanggang sa matikman mo ang pulot niya at matikman niya ang pulot mo.

Ayon kay `Ā'ishah, malugod si Allāh sa kanya: Pumunta ang maybahay ni Rifā`ah Al-Qurađīy sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, at nagsabi: "Ako noon ay maybahay ni Rifā`ah Al-Qurađīy ngunit diniborsiyo niya ako at pinatibay niya ang diborsiyo sa akin. Napangasawa ko matapos niya si `Abdurraḥmān bin Az-Zubayr. Mayroon lamang siyang tulad ng tastas na laylayan ng damit." Napangiti ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, at nagsabi: "Nagnanais ka bang bumalik kay Rifā`ah? Hindi, hanggang sa matikman mo ang pulot niya at matikman niya ang pulot mo." Sinabi: Si Abū Bakr ay nasa piling nito habang si Khālid bin Sa`īd ay nasa pintuan, naghihintay na pahintulutan, iyon kaya nanawagan iyon: "O Abū Bakr, hindi mo ba naririnig ito: ang hinahayag niya sa piling ng Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan?"

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Pumunta sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ang maybahay ni Rifā`ah Al-Qurađīy, na dumaraing ng kalagayan. Ipinabatid niya rito na siya dati ay isang maybahay ni Rifā`ah Al-Qurađīy ngunit pinatibay niyon ang diborsiyo sa kanya sa pamamagitan ng huling pagdidiborsiyo, ang ikatlo sa mga diborsiyo sa kanya, at na siya ay nakapangasawa matapos niyon kay `Abdurraḥmān bin Az-Zubayr ngunit hindi niyon nakayang masaling siya dahil ang ari niyon ay mahina, malambot, at hindi nagigising. Napangiti ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sa paghahayag niya at paglalantad niya nitong ikinahihiya ng mga babae sa karaniwan. Naunawaan nito na ang tinutukoy niya ay ang kahatulan para sa kanya sa pagbalik sa unang asawa niyang si Rifā`ah. Inakala niya na siya, dahil sa pagkakaraos ng kasal kay `Abdurraḥmān, ay naging legal na asawa niyon subalit ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay tumanggi sa kanya niyon at nagpabatid sa kanya na kailangan para sa legalidad ng panunumbalik niya kay Rifā`ah na makipagtalik sa kanya ang huling asawa niya. Nasa piling ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, si Abū Bakr habang si Khālid bin Sa`īd ay nasa pintuan, naghihintay ng pahintulot pumasok. Tinawag ni Khālid si Abū Bakr, na nagmamaktol sa babaing ito na naghahayag ng tulad ng salitang ito sa harap ng Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Lahat ng ito ay dahil sa nilalaman ng mga dibdib nila na pakundangan at pagpipitagan sa Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, malugod Siya sa kanila, palugurin Niya sila, at pagkaloob Niya tayo ng magandang asal sa kanya at pagsunod sa kanya.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee